Walk
with
me

# Magkakasama sa Pamumuhay

WEEK 2

## WARM-UP

- Balikan ang isang hindi mo malilimutang karanasan kasama ang iyong mga kaibigan. Ibahagi ito sa amin.
- Sinu-sino ang mga kaibigang nakakausap mo tungkol sa mga bagay na mahirap pag-usapan? Bakit komportable kang makipag-usap sa kanila?
- Nakipagtalo ka na ba sa mga malalapit mong kaibigan? Kung ganoon, itinuturing mo pa rin ba silang malalapit na kaibigan? Bakit oo o bakit hindi?

## WORD

*[3]Kaya mag-ingat kayo. "Kung magkasala sa iyo ang*
*kapatid mo, pagsabihan mo siya. At kung magsisi siya,*
*patawarin mo. [4]Kahit pitong beses pa siyang magkasala sa*
*iyo sa maghapon, kung pitong beses din siyang hihingi ng*
*tawad sa iyo ay patawarin mo." [5]Sinabi ng mga apostol sa*
*Panginoon, "Dagdagan po ninyo ang pananampalataya*
*namin."* **LUCAS 17:3–5**

(Basahin din ang **LUCAS 17:1–2, 6.**)

Ang padidisipulo ay isang paglalakbay na dapat ay kabahagi ang iba. Ibinubukod tayo ng Diyos sa isang komunidad, ngunit magulo talaga ang mga ugnayan. Dahil sa iba't iba nating pinanggalingan, personalidad, at mga hilig, mahirap para sa atin ang maglakbay kasama ang iba kahit pa naglalakbay tayo nang sumusunod kay Jesus. Parang mas madali pa na maglakbay sa buhay nang mag-isa, ngunit hindi tayo dinesenyo ng Diyos na maging ganito. Kailangan natin ang isa't isa upang mabuhay at umunlad sa ating buhay at sa kung saan tayo tinawag ng Diyos. Dahil dito, paano ba tayo mamumuhay bilang isang komunidad? Habang sumusunod ang mga disipulo kay Jesus, ang kanilang mga pagkakaiba at ang maraming hinarap na balakid ay naging isang hamon. Ngayong araw, tingnan natin ang isa sa mga aral na itinuro ni Jesus sa kanila tungkol sa kung paano sila dapat mamuhay nang magkakasama.

## 1 Sa ating mga ugnayan, may responsibilidad tayo na ingatan ang isa't isa.

*Kaya mag-ingat kayo. "Kung magkasala sa iyo ang kapatid mo, pagsabihan mo siya. At kung magsisi siya, patawarin mo."*

**LUCAS 17:3**

Habang sumusunod tayo kay Jesus, makikipaglaban pa rin tayo sa kasalanan at sa mga hamon ng buhay at ganun din ang mga taong kasama natin sa paglalakbay. Dahil pinapahalagahan natin ang bawat isa, huwag nating hayaan na magkasala tayo o mapunta sa maling direksyon. Hinikayat ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na ingatan ang isa't isa—na alagaan ang bawa't isa at bantayan ang isa't isa nang may pagmamahal. Hinihikayat tayo na pagsabihan ang isa't isa upang mapigilan ang pag-usad ng kasalanan. Bilang isang komunidad na ibinukod ng Diyos, ito ang ating tungkulin at pangako. Ibig sabihin din nito na hindi tayo dapat maging sagabal sa isa't isa. Ano ang sinasabi ni Jesus tungkol dito sa Lucas 17:1–2?

## 2 Sa ating mga ugnayan, may responsibilidad tayo na sawayin ang mga nagkakasala.

*Kaya mag-ingat kayo. "Kung magkasala sa iyo ang kapatid mo, pagsabihan mo siya. At kung magsisi siya, patawarin mo."*

**LUCAS 17:3**

Tuwing nangyayari ang pagkakasala, ang gusto natin ay maibalik sa Diyos ang mga kasama sa ating komunidad. Dito pumapasok ang pagwawasto at pagsasaway. Ginagawa natin ito hindi dahil sa gusto nating maramdaman na mas nakakahigit tayo o mas matuwid kaysa sa ibang kasama natin sa ating espirituwal na komunidad, kundi dahil gusto nating gabayan sila pabalik kay Jesus. Hinikayat ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na pagsabihan ang isang kapatid na nagkasala at patawarin siya kapag siya ay nagsisi. Bilang isang mapagmahal

at ibinukod na komunidad, kailangan ay malaya nating naitatama ang isa't isa kapag tayo ay nagkakasala at naibibigay ang kapatawaran, na naghahatid ng kabutihan ng Diyos sa bawa't isa. Ang layunin ay maibalik ang tao kay Cristo, hindi ang hatulan siya. Paano mo ito naranasan sa iyong komunidad?

## 3 Sa ating mga ugnayan, may responsibilidad tayo na patawarin ang mga nagkasala sa atin.

*"Kahit pitong beses pa siyang magkasala sa iyo sa maghapon, kung pitong beses din siyang hihingi ng tawad sa iyo ay patawarin mo."* **LUCAS 17:4**

Maaaring nalito o nabigo ang mga disipulo noong narinig nila ang mga salita ni Jesus. "Bakit ko ba kailangang patawarin ang taong ginawan ako ng mali? At pitong beses pa!" ang marahil ay nasa isip nila. Ang pamumuhay kasama ang iba ay magiging mahirap kaya nga't higit na kailangan ang pagmamahal at pagpapatawad, kahit na gawin pa natin ito nang paulit-ulit. Bilang isang komunidad na ibinukod ng Diyos, magkakasama Niya tayong tinawag para sa layuning ito. Ibig sabihin, ang mga taong inilagay Niya sa paligid natin ay hindi opsyonal kundi mga ugnayang mula sa Kanya. Kung dapat tayong lumago sa ating komunidad, dapat ay unahin natin ang pagpapanumbalik sa bawat isa, ang pagpapatawad sa isa't isa, ang pagbitiw sa mga sakit at pasakit, ang mapagpakumbabang pagtanggap ng pagwawasto, at ang paghahangad na magkaayos kung kinakailangan. Ano ang itinuturo sa atin ng Colosas 3:13 tungkol sa kung paano tayo dapat magpatawad?

## APPLICATION

- Sino ang pinapayagan mong magsalita sa buhay mo? Ano ang mga maagap na paraan ng pag-iingat sa isa't isa ang pwede mong gawin sa iyong komunidad?
- Kanino ka nakapagsasalita nang may pagmamahal? Sa anong paraan mo mapapalago ang iyong pananampalataya habang inaalagaan mo ang iyong mga maka-Diyos na ugnayan?
- Ngayong linggo, mapagpakumbaba kang humingi ng patawad mula sa isang taong nasaktan o nagawan mo ng pagkakamali. Anong mga hakbang ang pwede mong tahakin upang mahanap ang pagkakaayos ng inyong ugnayan?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa paglalagay Niya sa iyo sa isang mapagmahal at lumalagong komunidad. Pagpalain ang mga nakapaligid sa'yo at hikayatin ninyo ang isa't isa na ipaglaban ang inyong komunidad at ang inyong ugnayan sa Diyos.
- Humiling sa Diyos ng pang-unawa o pagiging sensitibo upang malaman mo kung may nagawan ka ba ng mali sa iyong komunidad. Ipanalangin na makaranas ng kagalingan ang taong iyon at hingin mo ang kanyang kapatawaran.
- Ipanalangin ang taong maaaring nakapanakit sa'yo. Hilingin sa Diyos ang kakayahang maiwasto ang taong ito at ang pagiging mapagpakumbaba para mapatawad mo siya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leonardo Angcajas Jr., Chrysse Manuel-Pili

victory.org.ph